# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

- ❖ Natutukoy ang mga kabutihang naidudulot ng paghahanda at pagdudulot ng pagkain

**Pagpapahalaga:** Pagkamalusog, Pagkamatipid

**II. Paksang Aralin:**

Mga Kabutihang Naidudulot ng Paghahanda at Pagdudulot ng Pagkain

**Sanggunian:**

PELC 9.1,1, p. 67
MGPP 6, pp. 166-168; MG, pp. 105-107

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Pagsasanay:***

Ipaliwanag sa sarili ninyong pangungusap kung paano isinasagawa ang mga sumusunod na paghahanda ng pagkain.

paghihihiwa paghihimay pagbabalat
paggagadgad pagtatalop

**2. *Balik-Aral:***

Tukuyin kung anong uri ng pagdudulot ng pagkain ang inilalarawan sa bawat bilang.

a. Nakalagay sa mesa ang lahat ng pagkain. Ang bisita ang siyang bahalang kumuha ng uh at dami ng pagkaing nais niyang kainin. Ang pagdudulot na ito ay _________.
b. Ang pamilya ay nakaupo habang sinisilbihan ng isang tagasilbi. Ang pagdudulot na ito ay _________.
c. Nakaupo ang ama at ina sa magkabilang mesa. Pangungunahan ng ama at ina ang pagkain ng maganak. Ang pagdudulot na ito ay _______.

di-pormal pormal buffet

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Pagganyak:***

Itanong: "Paano inihahanda at idinudulot ang pagkain sa inyong tahanan?
Sa palagay ninyo, mabuti ba ang gayon?"

**2. *Suliranin:***

Anu-ano ang mga kabutihang naidudulot ng maayos na pagahahanda at pagdudulot ng pagkain sa mag-anak?

**3. *Kasanayan sa Pagkatuto:***

a. Ipasagot ang suliranin sa mga bata at isulat to sa pisara
b. Talakayin at ipaliwanag isa-isa ang isinagot ng mga bata.
c. Balik-tanong ng guro sa mga bata tungkol sa paksa.

**Mga Kabutihang Dulot ng Paghahanda at Pagdudulot ng Pagkain**

1. Makatitipid ng r.era ang mag-anak kung ang ina at ang nakatatandang kapatid ang magahahanda ito.
2. Makasisiguro ra ligtas ang pagkain ng mag-anak.
3. Makasisiguro ra masustansiya at sariwa ang mga pagkaing ihahanda para sa mag-anak.

**4. *Paglalahat:***

Maraming kabutihang dulot ang paghahanda at pagdudulot ng pagkain para sa mag-anak.

**5. *Paglalapat:***

Bigyan ng reaksyon ang mga sumusunod na sitwasyon.

5.1 Bumili ng lutong ulam Si Aing Cety kasi ay natatamad siyang magluto.

5.2 Maraming sumobra sa nilutong ulam ni Aling Toyang dahil hindi gustong iulam ng kanyang anak ang "Ginisang Ampalaya".

## IV. Pagtataya:

Iguhit ang masayang mukha kung ang pangungusap ay tama, at malungkot na mukha kung ang pangungusap ay mali.

_____ 1. Maghanda ng pagkaing sapat sa pamilya.
_____ 2. Idulot ang malarnig na pagkain sa pamilya.
_____ 3. Hayaang nadadapuan ng langaw ang mga inihandang pagkain sa pamilya.
_____ 4. Mas masustansiya ang pagkaing binili kaysa sa pagkaing inihanda.
_____ 5. Karaniwang kakaunti at mahal ang pagkaing binibili kaysa sa iniluluto.

## V. Takdang-Aralin:

Magtala ng 5 pang kaligtasan/pangkalusugan gawi sa paghahanda ng pagkain.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

❖ Nakakagawa ng piano sa paghahanda ng pagkaing mapagkakakitaan

**Pagpapahalaga:** Pagkita ng pera; Pagkamapamaraan

**II. Paksang Aralin:**

Plano sa Paggawa ng Pagkaing Mapagkakakitaan

**Sanggunian:**

BEC PELC 9.3 p. 67
MGPP p. 186; MG pp. 105-107

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Pagsasanay:***

Magbigay ng halimbawa ng mga pagkaing maaaring pagkakitaan.

**2. *Balik-Aral:***

Pagsunud-sunurin ang mga piano sa paggawa ng proyekto. Lagyan ng bilang.

________ Mga Kasangkapan/Kagamitan
________ Pangalan ng Proyekto
________ Pagpapahalaga
________ Paraan ng Pagluluto
________ Layunin

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Pagganyak:***

Kung nais ninyong magluto ng pagkaing kakanin, ano ang una at higit sa lahat na dapat ninyong gawin?

**2. *Suliranin:***

Paano ang paggawa ng plano sa paghahanda ng pagkaing mapagkakakitaan?

**3. *Paghawan ng Balakid:***

plano, pagpapahalaga, layunin

**4. *Pagtatalakayan:***

4.1 Ipakita ang tsart ng isang banghay-gawain sa pagluluto ng "Palitaw".
4.2 Ipabasa to sa isa sa mga bata kasabay ng pagpapaliwanag dito.
4.3 Pagsagot sa suliranin at pagbibigay lagom ukol dito.

**5. *Paglalapat:***

Mahalaga ang paggawa ng plano ng proyekto para sa lulutuing pagkain upang makatiyak na ikaw ay kikita.

**6. *Pagsasanay:***

Pagawin ang bawat pangkat ng isang plano ng gawain para sa isang lutuing kakanin.

## IV. Pagtataya:

Pagsagot sa tsekiis. Oo o Hindi

1. Naipahayag ma ba ng malinaw ang tiyak na layunin sa paggawa ng plano ng proyekto?
2. Ang pagkaing inihanda ba ay angkop sa aking layunin.
3. Naitala ba ng malinaw ang mga sangkap at kagamitang kakailanganin?
4. Malinaw ba at kayang sundin ang pamamaraan sa pagluluto?
5. Natuos ba ng maayos ang puhunan, at kung magkano maipagbibili ang aking paninda?

## V. Takdang-Aralin:

Isagawa ang paraan ng paggawa ng plano sa pagluluto ng pagkaing kakanin sa tamang panahon.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

❖ Maisaalang-alang ang mga salik sa mataiinong pamimili

**Pagpapahalaga:** Pagkamatalino/Pagkamatipid

**II. Paksang Aralin:**

Mga Salik sa Matalinong Pamimili

**Sanggunian:**

BEC PELC 9.4.1 p. 68
MGPP 6 pp. 173-177; MG
Agap at Sikap 6, pD. 168-165

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Pagsasanay:***

Ibigay ang iba't ibang hakbang sa paggawa ng plano ng isang proyekto.

**2. *Balik-Aral:***

Tama o Mali

a. Ang isang pagbabalak na magtinda ay dapat na gumawa muna ng plano sa pagkaing kakanin na lulutuin.
b. Dapat na marunong din siyang magtuos ng puhunan at tumubo sa kanyang paninda.
c. Hindi kailangang maging malinis at presentable sa mga mamimili ang isang tindera.

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Pagganyak:***

Naranasan na ba ninyong mamili? Bago kayo mamili, ano muna ang inyong mga ginagawa?

**2. *Suliranin:***

Anu-ano ang mga salik na dapat isaalang-alang sa matalinong pamimili?

**3. *Pagtatalakayan:***

3.1 Isa-isang ipabasa sa mga bata ang rnga salik sa matalinong pamimili na nakasulat sa tsart.
3.2 Ipaliwanag ang bawat bilang.
3.3 Pagtatanong ng guro sa mga bata tungkol sa aralin.

**Mga Salik**

1. Magkaroon ng sapat na kaalaman sa pamimili ng iba't ibang sangkap.
2. Dapat piliin ang mga pagkaing mura at masustamsiya.
3. Gumawa ng talaan ng mga bibilhin.
4. Basahing mabuti ang tatak o etiketa ng produkto.
5. Paghambingin ang halaga ng mga bilihin.

4. ***Paglalahat:***

Ang mga salik sa matalinong pamimili ay dapat na isaalang-alang upang makatipid at mapagkasya ang. badyet ng pamilya para sa pagkain.

5. ***Paglalapat:***

Ibigay ang iba't bang katangian ng mga sariwang:

| | |
|---|---|
| I. prutas | 5. isda |
| 2. itlog | 6. bigas |
| 3. manok | 7. pagkaing de lata |
| 4. karne | |

**IV. Pagtataya:**

Punan ang patlang ng tamang sagot. Pumili sa mga salita na matatagpuan sa ibaba.

1. Mabuting gumawa ng ________o talaan bago mamalengke.
2. Basahin ang ________ ng mga groserya na bibilhin upang makasiguro na hindi expire ang mga bibilhin.
3. Mabuti na magkaroon ng ________para hindi maloko sa tunay na presyo.
4. Alamin ang mga sangkap, at mga pagkaing ________ upang makatipid.
5. Iwasang lumampas sa ________.

| | | |
|---|---|---|
| badyet | pamalit | suki |
| market list | etiketa | |

**V. Takdang-Aralin:**

Isaalang-alang ang mga salik sa matalinong pamimili sa oras ng pamimili sa palengke.

# EPP VI

**Date: ____________**

**I. Layunin:**

- ❖ Maipakita ang wastong gawi sa paggawa upang makatipid ng lakas, oras at pinagkukunan

**Pagpapahalaga:** Pagkamalusog/Pagkamaparaan

**II. Paksang Aralin:**

Pagpapanatili ng Sustansiya, Anyo at Lasa ng Pagkaing Ihahanda

**Sanggunian:**

PELC 9.4.3 p. 68
MGPP 6 pp. 176-177; MG pp. 111-112

**Kagamitan:**

Mga larawan, gamit sa paghahanda

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Pagsasanay:***

Paligsahan ng bawat pangkat sa pinakamaraming masusulat na pagkain na kabilang sa tatlong pangkat ng pagkain.

**2. *Balik-Aral:***

Sa tulong ng mga larawan, magbalik-aral sa mga katangian ng mga sariwang pagkain.

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Pagganyak:***

Paano mo matitiyak na masustansiya at ligtas ang mga pagkaing idudu!ot sa inyong pamilya?

**2. *Suliranin:***

Anu-ano ang mga alituntunin na dapat tandaan sa pagpapanatili ng sustansiya, anyo at lasa ng pagkaing ihahanda?

**3. *Pagtatalakayan:***

3.1 Ipabasa ng malakas isa-isa sa mga bata ang mga tuntunin sa pagpapanatili ng sustansiya, anyo at lasa ng pagkain.
3.2 Isa-isa itong ipaliwanag sa mga bata.
3.3 Pagsagot sa mga suliranin.

**4. *Paglalahat:***

Ang sustansiya, anyo at lasa ng pagkain ay mapapanatili kung ang tagapagluto ay sumusunod sa wastong pamamaraan ng paghahanda at pagluluto.

**5. *Paglalapat:***

Magbigay ng mga alituntuning sinusunod sa pagpapanatili ng anyo, lasa at sustansiya ng karne, isda, mais, gulay at bigas.

## IV. Pagtataya:

Punan ang patlang ng Tama o Mali

_______ 1. Hugasan ang pagkain bago lutuin o balatan.

_______ 2. Nawawala ang thiamine kapag hinahalo ang pagkain habang niluluto.

_______ 3. Ang mga water soluble vitamins ang mga bitaminang nawawala sa prutas at gulay na hinuhugasan.

## V. Takdang-Aralin:

Magsaliksik kung paano ginagawa ng nanay ang pagpapanatili ng sustansiya, anyo at lasa ng pagkaing Kanyang inihahanda para sa inyong pamilya.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

❖ Naipakikita ang iba't ibang gawaing kamay sa paghahanda ng pagkain

**Pagpapahalaga:** Pagkamaingat/Pagkamalinis

**II. Paksang Aralin:**

Iba't ibang Gawaing Kamay sa Paghahanda ng Pagkain

**Sanggunian:**

PELC 9.4.4 p. 68
MGPP 6 pp. 178-180; MG pp. 112-114

**Kagamitan:**

Sariwang pagkain, mga kagamitan sa paghahanda ng pagkain, mga larawan, plaskard

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Pagsasanay:***

Papagbigayin ang mga bata ng iba't ibang kasangkapan sa paghahanda ng pagkain.

**2. *Balik-Aral:***

Tama o Mali

_______ a. Hugasan ang pagkain bago balatan.
_______ b. Lutuin sa malakas na apoy ang mga pagkain.
_______ c. Gamitin sa pagluluto ng sarsa o sopas ang pinaglagaan ng gulay.

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Pagganyak:***

Magpakita ng tunay na prutas at gulay. Anu-ano ang puwede ninyong gawin sa mga ito bago kainin?

**2. *Suliranin:***

Anu-ano ang iba't ibang gawaing kamay sa paghahanda ng pagkain?

**3. *Pagtatalakayan:***

3.1 Ilagay sa tsart ang mga gawaing kamay na nakasulat sa plaskard.
3.2 Tanungin ang mga bata kung alam isagawa ang mga ito
3.3 Ipasagot sa mga bata ang suliranin.

**4. *Paglalahat:***

❖ Ang mga kasanayan sa gawaing kamay sa paghahanda ay nakatutulong upang mapanatili ang sustansiya ng pagkain at nagdudulot ng kasiyahan sa kakain.
❖ Magiging matagumpay sa pagluluto kung gagamit ng mga panukat at makabagong kasangkapan sa paghahanda ng pagkain.

**5. *Paglalapat:***

Pumili ng isa sa gawaing kamay at ipaliwanag kung paano ito isasagawa.

## IV. Pagtataya:

| A | | B |
|---|---|---|
| 1. pagtatalop | a. | pagdurig ng pagkain gamit ang dikdikan |
| 2. pagsusukat | b. | pagpapaliit ng pagkain ganit ang kudkuran |
| 3. paggagadgad | c. | pagbabalat ng pagkain gamit ang kutsilyo |
| 4. paghihimay | d. | paggamit ng panukat na tasa at kutsara |
| 5. pagdidikdik | e. | pagpapaliit at paghihiwalay ng nilagang pagkain sa kanyang buto at tinik gamit ang kamay |

## V. Takdang-Aralin:

Pumili ng isang uri ng lutuin. Itala ang mga gawaing kamay sa paghahanda nito.

# EPP VI

**Date: ____________**

**I. Layunin:**

❖ Nagagamit ang iba't-ibang paraan ng pagluluto.

**Pagpapahalaga:** Pagkamalusog/Pagkamatipid

**II. Paksang Aralin:**

Mga Paraan ng Pagluluto

**Sanggunian:**

PELC 9.4.5 p.68
MGPP 6 pp. 181-183; MG pp. 114-115

**Sanggunian:**

Mga larawan ng kalan at iba't ibang kagamitan sa pagluluto tulad ng kawali, siyanse, ihawan, pasrngawan atbp.

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Pagsasanay:***

Magbigay ng iba't ibang kasangkapan sa paghahanda ng pagkain.

**2. *Balik-Aral:***

Tukuyin kung aling paraan ng paghahanda ng pagkain ang inilalarawan sa mga sumusunod na pangungusap

a. Pinagpuputul-putol ang mga pagkain gamit ang kutsilyo.
b. Dinudurog ng pinung-pine ang mga pagkain gamit ang gilingan.
c. Nilalagyan ng hiwa ang laman ng isda bago ito iluto upang hindi mamaluktot.

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Pagganyak:***

Ipakita ang iba't ibang kagamitan sa pagluluto at tanungin ang rnga bata tungkol sa iba't ibang paraan ng pagluluto.

**2. *Pagtatalakayan:***

a. Isulat sa pisara ang rnga paraan ng pagluluto na alam na ng mga bata, at hayaang ipaliwanag nila ito.
b. Ipabasa sa akiat ang iba pang paraan sa pagluluto.
c. Magbigay halimbawa ng mga pagkaing maaaring lutuin sa paraang ito.

**3. *Paglalahat:***

Ang ikinasasarap ng ilang putaheng Pilipino ay nasa pamamaraan ng pagluluto.

Ang paggamit ng iba't ibang paraan sa pagluluto ay mahalaga upang hindi magsawa ang miyembro sa mga inihahanda araw-araw.

**4. *Paglalahat:***

a. Pumili ng isang paraan ng pagluluto at sabihin ang mga kagamitang kakailanganin sa pagsasagawa nito.

b. Pabunutin ang bawat pangkat at ipapakitang gawa ang wastong:
    - b.1 paglalaga ng itlog
    - b.2 pagpiprito ng itlog
    - b.3 pagpiprito ng binating itlog

## IV. Pagtataya:

Alamin kung anong parnamaraan ang tinutukoy ng mga pangungusap. Isulat sa patiang ang tamang sagot.

1. Pagpapakulo ng pagkain.
2. Pagluluto sa pagkain ng bahagya sa mantika upang mapanatili ang lasa o timpla nito.
3. Pagpapainit sa mantikilya.
4. Pagluluto na ang ginagamit ay ang tuyong init ng saradong oven.
5. Pagluluto ng isda at karne sa kumukulong mantika hanggang sa mamula at maluto ito.

## V. Takdang-Aralin:

Maglikom ng mga larawan ng iba't ibang pamamaraan sa pagluluto. Gawin itong Album at pamarkahan sa guro.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

❖ Nakasusunod sa resipe

**Pagpapahalaga:** Pagkamasunurin

**II. Paksang Aralin:**

Pagsunod sa Resipe

**Sanggunian:**

PELC 9.4.6 P. 68

MGPP 6 pp. 184-191; MG p. 116

**Sanggunian:**

Mga kagamitang panukat at iba't ibang sangkap sa pagluluto na sinusukat, tsart

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

1. ***Pagsasanay:***

Magbigay halimbawa ng isa sa paraan sa paghahanda ng pagkain at ipaliwanag ito.

2. ***Balik-Aral:***

Anu-anong paraan ng pagluluto ang maaaring gawin sa mga sumusunod na pagkain?

| | | |
|---|---|---|
| itlog | isda | bigas |
| karne | puto | niyog |

**B. Panlinang na Gawain:**

1. ***Pagganyak:***

Ipakita ang isang halimbawa ng resipe na nakasulat sa tsart. Tanungin ang bata tungkol dito.

2. ***Paghawan ng balakid:***

likido panukat na kutsara panukat na tasa

3. ***Suliranin:***

Paano ang wastong pagsunod sa resipe?

4. ***Pagtatalakayan:***

4.1 Ipabara ng isa-isa sa mga bata ang resipe na nakasulat sa tsart.
4.2 Talakayin at ipaliwanag ito sa mga bata, gayundin ang pagsukat ng mga sangkap
4.3 Ipasagot ang suliranin at ang Alamin Mo sa p. 191.

5. ***Paglalapat:***

Sa tulong ng resipe ang mga putaheng di kilala ay natitikman ng mag-anak. Magiging matagumpay sa pagluluto kung susundin ang nakasulat sa resipe.

**IV. Pagtataya:**

Isulat ang mga kagamitang panukat na nararapat sa mga sangkap na ito.

1. bigas ______________________________

2. arina ______________________________
3. suka ______________________________
4. asukal ______________________________
5. gatas ______________________________

**V. Takdang-Aralin:**

Magsaliksik at magdala sa kiase ng mga recipe ng mga sumusunod na pagkain.

Pangkat I - Gulay
Pangkat II - Kame
Pangkat III - Isda
Pangkat IV - Prutas

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

- ❖ Naipakikita ang kasanayan sa pagpapanatiling malinis at maayos ang pinaggawaan at ang mga kasangkapang ginamit

**Pagpapahalaga:** Pagkamalinis/Pagkamaayos

**II. Paksang Aralin:**

Pagpapanatili ng Kalinisan at kaayusan sa Lugar Gawaan

**Sanggunian:**

PELC 9.4.7 p. 68
MGPP 6 pp. 192-193; MG pp. 117-118

**Kagamitan:**

Mga larawan ng malinis at maayos na gawaan sa kusina, sariling karanasan

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

1. ***Pagsasanay:***
   Ipabanggit sa mga bata ang iba`t bang kagamitan sa kusina.

2. ***Balik-Aral:***
   Talakayin ang iba't ibang recipe na nasaliksik ng bawat pangkat.

**B. Panlinang na Gawain:**

1. ***Pagganyak:***
   Sino sa inyo ang nakaranas ng magluto? Paano ninyo pinananatili ang kalinisan at kaayusan ng inyong kusina?

2. ***Pagtatalakayan:***
   2.1 Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga bata.
   2.2 Ipasyal ang mga bata sa kusina ng H.E. Ipatuon ang pansin sa kalinisan at kaayusan ng kusina
   2.3 Magkaroon ng pagtatalakayan sa wastong kaayusan ng lugar pagawaan.

3. ***Paglalahat:***
   Ang kagalingan ng isang pag-aayos ng kusina ay masusukat sa oras at lakas habang gumagawa dito.

4. ***Paglalahat:***
   Ang kagalingan ng isang pag-aayos ng kusina ay masusukat sa oras at lakas habang gumagawa dito.

5. ***Paglalapat:***
   Ibigay ang mga kasangkapang maaaring matagpuan sa:
   a. sulok-lutuan / paghahanda

b. sulok-hugasan
c. sulok-taguan

## IV. Pagtataya:

Piliin ang titik kung saan nararapat makita ang mga kagamitang nakalista. SL - sulok-lutuan ; paghahanda

SH - sulok-hugasan

ST - sulok-taguan

_______ 1. kaldero
_______ 2. palanggana
_______ 3. kutsilyo
_______ 4. mesa
_______ 5. sabon

## V. Takdang-Aralin:

Iayos ang inyo-inyong kusina sa baiay at mag-ulat sa klase tungkol sa mga puna ng inyong kasambanay.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

- ❖ Napahahalagahan ang pagkaing inihanda ayon sa pamantayan

**Pagpapahalaga:** Pagiging matipid at mapamaraan

**II. Paksang Aralin:**

Wastong Pamamaraan sa Paghahanda ng Pagkain

**Sanggunian:**

Agap at Sikap, pp. 174-176

**Kagamitan:**

Tsart ng katawagan ng paghahanda ng pagkain, mga Kasangkapan at kagamitan sa pagnahanda ng pagkain

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Pagsasanay:***

Paano natin mapananatiling malinis at maayos ang pinaggagawaan at ang mga kasangkapang ginagamit?

**2. *Pagganyak:***

Anu-ano ang mga ginagawa sa pagkain pagkatapos bilhin at bago ito kainin?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

a. Pagpapakita ng iba't ibang kagamitan at kasangkapan na ginagamit sa paghahanda ng pagkain.
b. Paano natin ginagamit ang mga ito?

**2. *Pagtalakay:***

- Pagbasa at pagpaliwanag ng mga gawaing kamay sa paghahanda ng pagkain.
- Paghahanda ng bawat pangkat ng mga gawaing itinakda sa kanila

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. Paglalahat:**

Paano isinasagawa ang pagbibili ng putahe o pagkain sa iba’t ibang uri ng tindahan?

**2. Paglalapat:**

Kung ikaw ang maimimili, anong uri ng kainang tindahan ang inyong pipiliin?

**IV. Pagtataya:**

Ilarawan ang bawat isa.

1. Nilalako
2. Karinderya
3. Turu-turo

4. Restauran

## V. Takdang-Aralin:

Maghanda ng resipi ng pagkaing maaaring itinda.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

- ❖ Naisasagawa ang pagtutuos/pagkukuwenta ng pinagbilhan

**Pagpapahalaga:** Pagiging matalino

**II. Paksang Aralin:**

Pagtutuos, Pagkukuwenta ng Pinagbilhan

**Sanggunian:**

BEC 9.7 p. 68
Agap at Sikap, pp. 182-191

**Kagamitan:**

Resipi ng Ginataang Bilu-Bilo

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Balik-aral:***

Pahulaan: Sabihin kung ano ang maluluto sa mga sangkap na mababasa ninyo?

**2. *Pagganyak:***

a. Nakatikim na ba kayo ng Ginataang Bilu-Bilo?
b. Anu-ano aria mga sangkap nito?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

a. Pagpapakita ng Tsart ng resipi ng Ginataang Bilu-Bilo.
b. Ilista ang dami at halaga ng bawat sangkap.

**2. *Pagganyak:***

a. Isulat ang kabuuang gastos sa imbentaryo.
b. Kung ipagbili ng 5:00 ang bawat isang tasa magkano ang tutubuin ng limang tasa.

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***

Paano mo malalaman kung ikaw ay tumubo o nalugi sa inyong paninda?

**2. *Paglalapat:***

Gumawa ka ng sariling pagkukuwenta sa nilutong Pansit Guisado.

**IV. Pagtataya:**

Gumawa ng listahan ng sangkap, dami at halaga ng sopas na macaroni para sa dalawampung katao. Gumawa ng sariling pagkukuwenta.

**V. Takdang-Aralin:**

Ilista ang dahilan kung bakit may nalulugi sa pagtitinda ng nilutong pagkain? Paano ito maiiwasan?

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

❖ Natatalakay ang kabutihang naiduriulot ng pag-iimbak ng pagkain

**Pagpapahalaga:** Masinop

**II. Paksang Aralin:**

Mga Kabutihang Naidudulot ng Pag-iimbak ng Pagkain

**Sanggunian:**

BEC10.1.1p.63
Agap at Sikap, pp. 193-196

**Kagamitan:**

Mga larawan ng iba't-ibang produktong iniimbak

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

1. ***Balik-aral:***

   Ano ang kahalagahan ng ksanayan sa pag-iimbak ng pagkain para sa sarili, sa mga mag-anak at sa pamayanan.

2. ***Pagganyak:***
   a. Ano ang ginagawa ng nanay sa mga natirang pagkain?
   b. Ano ang dapat gawin upang mapakinabangan pa? Paano?

**B. Panlinang na Gawain:**

1. ***Paglalahad:***
   a. Pagpapakita ng larawan ng iba't bang uri ng pagkaing inimbak?
   b. Natikman na ba ninyo ito?

2. ***Pagtalakay:***

   Ipaliwanag ninyo ang mga sumusunod na kabutihang naidudulot ng pag-iimbak ng pagkain.
   - nakakakain tayo ng pagkaing wala sa panahon
   - naiiwasan ang pag-aksaya ng pagkaing mabilis masira

**C. Pangwakas na Gawain:**

1. ***Paglalahat:***

   Bakit mahalaga ang pag-iimbak ng pagkain?

2. ***Paglalapat:***

   Mahalaga bang maluto kung mag-iimbak ng pagkain?Bakit?

**IV. Pagtataya:**

Sagutin ng Tama o Mali

1. Dagdag gastos ang pag-iimbak ng pagkain.

2. Malaking tulong sa pamayanan kung lahat ay nag-iimbak ng pagkain.
3. Mahirap ang pag-imbak ng pagkain.
4. Hindi maihain sa bisita ang inimbak na pagkain.
5. Magandang libangan at hanapbuhay ang pag-imbak ng pagkain.

## V. Takdang-Aralin:

Alarnin sa palengke ang mga prutas at gulag na napapanahon.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

- ❖ Naipaliliwanag ang pamamaraan ng pag-iimbak ng pagkain

**Pagpapahalaga:** Pagtitipid

**II. Paksang Aralin:**

Mga Paraan ng Pag-iimbak ng pagkain

**Sanggunian:**

BEC 10.2.1 p. 69 Agap at Sikap

**Kagamitan:**

Mga aktwal at larawan ng iba't ibang produktong iniimbak, tsart

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

***1. Balik-aral:***

Anu-ano ang kabutihang naidudulot ng pag-iimbak ng pagkain?

***2. Pagganyak:***

Anu-ano ang mga pagkaing masagana sa palengke nagyon?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1.** ***Paglalahad:***

Pagpapakita ng aktwal at larawan ng iba't ibang produktong iniimbak.

**2.** ***Pagtalakay:***

a. Anu-ano ang iba't-ibar,g uri ng pag-iimbak ng pagkain?

b. Ano ang mga pangjnahing sangkap sa bawat uri ng paa-iimbak?

- pagtotosino
- pagmamatamis
- pag-aasin
- pagyeyelo
- pagsasalata
- pag-aatsara
- pagtutuyo
- pagpapausok

c. Paano isinasagawa ang iba't ibang paraan ng pag-iimbak?

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1.** ***Paglalahat:***

Anu-ano ang pamamaraan ng pag-iimbak ng pagkain?

**2.** ***Paglalapat:***

Mahalaga bang matutuhan ang pag-iimbak ng pagkain? Bakit?

**IV. Pagtataya:**

Magbigay ng 5 pamamaraan ng pag-iimbak ng pagkain.

**V. Takdang-Aralin:**

Subukang mag-imbak sa bahay ng pagkain.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

❖ Makapili ng rnga pagkaing maaaring imbakin sa angkop na pamamaraan

**Pagpapahalaga:** Maayos na pagpili ng pagkaing imbakin

**II. Paksang Aralin:**

Mga Pagkaing Maaaring Imbakin sa Angkop na Pamamaraan

**Sanggunian:**

BEC 10.3 p. 69
Agap at Sikap, p. 185

**Kagamitan:**

Tsart, mga dalang sariwang gulay, prutas, isda, itlog, karne at iba pa.

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

***1. Balik-aral:***

Magbigay ng pamamaraan ng pag-limbak ng pagkain.

***2. Pagganyak:***

Ano sa palagay ninyo ang mga pagkaing napapanahon ngayon?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

Paghahanay ng mga dalang pagkain ayon sa uri.

- uiay - karne
- prutas - mga binutil
- isda - itlog

**2. *Pagtalakay:***

Anu-ano ang mga katangiang maaaring imbakin sa angkop na pamamaraan?

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***

Ipaliwanag ang iba't ibang paraan ng pag-iimbak.

**2. *Paglalapat:***

Anu-ano ang pagkaing maaaring imbakin na matatagpuan sa pamayanan?

**IV. Pagtataya:**

Isulat sa patlang ang sagot.

_______ 1. Pagbibilad sa sikat ng araw
_______ 2. Paggamit ng asin, suka at asukal
_______ 3. Paggamit ng preserbatiba tulad ng salitre
_______ 4. Paglalagay ng pagkain sa mahabang temperatura

## V. Takdang-Aralin:

Piliin kung alin ang pwedeng daihin sa mga sumusunod na pagkain.

- sariwang isda
- sariwang itlog
- sariwang gulay
- kapirasong karne
- sariwang prutas

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

❖ Nakasusunod sa mga panuntunang pangkalusugan at pangkaiigtasan sa pag-iimbak

**Pagpapahalaga:** Pagiging maingat

**II. Paksang Aralin:**

Pagsunod sa mga Panuntunang Pangkalusugan at Pangkaligtasan sa Pag-iimbak

**Sanggunian:**

BEC 10.4
Agap at Sikap, p. 203

**Kagamitan:**

Mga ksangkapan at kagamitan sa pag-iimbak Mga sangkap sa pag-iimbak ng inatsarang itlog
Tsart ng resipi

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

***1. Balik-aral:***

Anu-ano ang mga pagkaing maaring imbakin?

***2. Pagganyak:***

a. Sino sa inyo ang nakaranas ng mag-imbak ng pagkain?
b. Paano ninyo ito inimbak?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

Pagpapakita ng tsart ng resipi ng inatsarang tlog.

**2. *Pagtalakay:***

Anu-ano ang mga dapat tandaan habang gumagawa?

**C Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***

Paggawa ng tugma ng mga bata.
Halimbawa: Ang sariwang isda ay hindi bilasa.
Ang sariwang itlog sa tubig ay lulubog.

**2. *Paglalapat:***

Magbigay ng uri ng pag-iimbak at sabihin kung paano ang raga sangkap na pipiliin.

**IV. Pagtataya:**

Ibigay ang pangunahing sangkap na maanng imbakin sa angkop na pamamaraan.

1. Pag-aatsara
2. Pagpapatuyo
3. Pagmamatamis
4. Pagje-jelly

5. Pagbuburo

## V. Takdang-Aralin:

Magsipi ng iba't ibang resipi sa pag-iimbak ng pagkain.

# EPP VI

**Date: ____________**

**I. Layunin:**
- ❖ Naisasagawa ang iba't ibang kasanayan sa pag-iimbak

**II. Paksang Aralin:**
Iba't Ibang Kasanayan sa Pag-iimbak

**Sanggunian:**
BEC 10.5 p. 69
Agap at Sikap, pp. 198-204

**Kagamitan:**
Tsart

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

***1. Balik-aral:***
Anu-ano ang mga panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan sa pag-iimbak.

***2. Pagganyak:***
Paano ninyo inihahanda ang mga sangkap/kasangkapan at kagamitan sa gagawing pag-iimbak?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***
Paghahanda ng bawat pangkat sa gagawing pag-iimbak
Pangkat I - Pagmamatamis
Pangkat II - Pat-aatsara
Pangkat III - Pagtotosino
Pangkat IV - Pag-aasin

**2. *Pagtalakay:***
Pagsasagawa ng bawat pangkat ng iba't bang kasanayan sa pag-iimbak ng pagkain.

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***
Ano ang kahalagahan ng panuntunan sa pag-iimbak ng pagkain?

**IV. Pagtataya:**
Anu-ano ang panuntunang pangkaligtasan at pangkalusugan na dapat isaalang-alang sa pag-iimbak ng pagkain?

**V. Takdang-Aralin:**
Magdala ang bawat pangkat ng mga kakailanganin sa gagawing pag-iimbak.

# EPP VI

**Date: ____________**

**I. Layunin:**

- ❖ Naipahliwanag ang kahalagahan ng kasanayan sa pananahi para sa sarili, sa mag-anak at sa pamayanan

**Pagpapahalaga:** Pagkamatiyaga

**II. Paksang Aralin:**

Mga Kahalagahan ng Kasanayan sa Pananahi

**Sanggunian:**

BEC-R A.11.1.1 p. 69
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabunayar Gabay ng Guro pp. 126-128;
Batayang Aklat pp. 209-211

**Kagamitan:**

Larawan

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

***1. Balik-aral:***

Anu-ano ang mga pagkaing karaniwang iniimbak?

***2. Pagganyak:***

Pagpapakita ng mga iarawan ng mga bagay na karaniwana tinatahi.

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

Anu-ano ang mga gawaing pangkabuhayan sa ating pamayanan?

**2. *Pagtalakay:***

a. Ibahagi ang Tsang kuwento.

Nagkaroon ng proyekto sa paaralan Si Luisa sa paggawa ng basahan mu!a sa mga tirang retaso. Kaya nang magipit sa pera ang pamilya na ay naisipan niyang gumawa ng marami nito at ibenta. Tuwang-tuwa ang mga magulang niya dahil malaking tulong ang nagawa nito sa kanila.

b. Ano ang naidulot sa pamilya nina Luisa ng kasanayan niya sa pananahi?

c. Mahalaga ba na may kasanayan ka sa pananahi?

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***

Ano ang kahalagahan ng kasanayan sa pananahi para sa sarili? Para sa mag-anak? Para sa pamayanan?

**2. *Paglalapat:***

Bakit mahalaga ang may kaalaman sa pananahi?

## IV. Pagtataya:

Sagutin:

1. Anu-ano ang mga karaniwang gawaing pangkabuhayan na mapakakakitaan sa pamayanan?
2. Bakit mahalaga ang may kasanayan ka sa pananahi?

## V. Takdang-Aralin:

Itala ang mga kabutihang naidudulot ng pagkakaroon ng kasanayan sa pananahi.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

- Natatalakay ang kabutihang naidudulot ng pagkakaroon ng kasanayan sa pananahi

**Pagpapahalaga:** Pagkamatiyaga

**II. Paksang Aralin:**

Mga Kabutihang Naidudulot ng mga Kaa!aman sa Pananahi

**Sanggunian:**

BEC-R A.11.1.2 o. 6c
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabunayan Gabay ng Guro pp. 135-136

**Kagamitan:**

Larawan

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

1. ***Balik-aral:***

   Mahalaga ang may kaalaman o kasanayan tayo sa pananahi? Bakit?

2. ***Pagganyak:***

   Magtanghal ng mga proyektong gawa sa pananahi.

**B. Panlinang na Gawain:**

1. ***Paglalahad:***

   Ipalarawan sa mga bata ang raga gawaing pangkabuhayang may kaugnayan sa pananahi. Isulat ang mga ito sa pisara.

2. ***Pagtalakay:***

   Talakayin ang mga kabutihang dulot ng pagkakaroon ng kasanayan sa pananahi.

**C. Pangwakas na Gawain:**

1. ***Paglalahat:***

   Anu-ano ang mga kabutihang dulot ng kasanayan sa pananahi?

2. ***Paglalapat:***

   Bakit kailangang matuto kang manahi?

**IV. Pagtataya:**

Lagyan ng tsek (✔) kung tama ang isinasaad sa pangungusap at ekis (x) kung mali.

_______ 1. Ang pananahi ay Tsang uri ng gawaing pangkabuhayan ng Tsang pamilya.
_______ 2. Ang sapat na kaalaman sa pananahi ay nakatutulong sa kabuhayan ng Tsang pamilva.
_______ 3. Malaki ang maitutulong ng mga gawaing pangkabuhayan sa pag-ur,lad ng isang pamayanan.
_______ 4. Ang pananahi ay nakaiinip na gawain.
_______ 5. Ang pananahi ay Tsang gawaing pambabae lamang.

## V. Takdang-Aralin:

Ikaw ba ay may kaalaman sa pananahi? Anu-ano ang kabutihang naidudulot nito sa iyo?

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

❖ Nakakapagplano ng tatahiing kasuotan o kagamitang pantahanan

**Pagpapahalaga:** Mapamaraan

**II. Paksang Aralin:**

Paghahanda ng Plano ng Proyekto

**Sanggunian:**

BEC-R A.11.2 p. 69
Makabuluhang Gawaino Pantahanan at Pangkabuhayan
Gabay sa Pagtuturo pp. 229-232

**Kagamitan:**

sample ng piano ng proyekto

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Balik-aral:***

Anu-ano ang kabutihang naidudulot ng pagkakaroon ng kasanayan sa pananahi?

**2. *Pagganyak:***

Pagpapakita ng mga sampler ng pangunahing tahi.

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

Pagsasabi ng mga bata ng mga halimbawa ng rnakakayang tahiing kasuotan o kagamitang pantahanan.

**2. *Pagtalakay:***

a. Anu-ano ang mga dapat tandaan sa pagpili ng gagawing proyekto?
b. Ano ang kahalagahan ng piano no proyekto?
c. Pagpapakita ng halimbawa ng piano ng proyekto.y,
d. Pag-iisa-isa sa mga bahagi ng proyekto.

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***

Anu-ano ang mga dapat tandaan sa pagpili ng gawaing proyekto?

**2. *Paglalapat:***

Bakit mahalaga ang paggawa ng plano ng proyekto?

**IV. Pagtataya:**

Ayusin ang mga bahagi ng proyekto.

a. Layunin
b. Pangalan ng Proyekto
c. Paraan ng Paggawa
d. Disenyo o sukat

## V. Takdang-Aralin:

Magdala ng mga retaso

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

❖ Nakapipili ng tela at iba pang kagamitan sa pananahi

**Pagpapahalaga:** Masiglang pakikilahok

**II. Paksang Aralin:**

Iba't Ibang uri ng Tela

**Sanggunian:**

BEC-R A.11.3.1 p. 69
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayar Batayang Akat pp. 227-228

**Kagamitan:**

Retasong tela, resource materials

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Balik-aral:***

Pag-iisa-isa ng bahagi ng proyekto.

**2. *Pagganyak:***

Pagtukoy sa iba't ibang pangunahing tahi na nakalarawan.

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

Ipalabas sa rnga bata ang ipinadalang mga retasong tela. Ipasuri sa kanila at tanungin kung kilala nila ang mga ito.

**2. *Pagtalakay:***

Pagpapakita ng iba't ibang uri ng tea.
Talakayin ang katangian ng iba't bang uri ng tela

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***

Ipalagom ang mga katangian ng iba't ibang uri ng tela isulat ang mga ito sa pisara.

**2. *Paglalapat:***

Sa tulong ng mga huwaran, tukuyin ang uri ng mga retasong tela na dala-dala.

**IV. Pagtataya:**

Lagyan ng tsek (✔) kung tama at ekis (x) kung mail.

_______1. Ang cotton ay pinakmahusay gamitin ng Tsang baguhan.
_______2. Ang Jana ang sinasabing pinakamagandang Lela.
_______3. Ang linen ay galing sa balahibo ng tupa.
_______4. Ang pinakamahal na tela ang siyana pinakmatibay sa lahat.
_______5. Ang telang cotton ang pinakaangkop sa proyektong napili.

## V. Takdang-Aralin:

Gumawa ng album ng iba't ibang retasong tela. Isulat ang katangian ng bawat isa.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

- ❖ Naisasaalang-alang ang mga salik sa matalinong pamimili
- ❖ Nakasusunod sa mga panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan

**Pagpapahalaga:** Pagsunod ng wasto sa panuto

**II. Paksang Aralin:**

Matalinong Pamimili
Pangkalusugan / Pangkaligtasang Gawi

**Sanggunian:**

BEC-R A.11.3.2, 11.3.3 p. 70
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan Batayang Akiat pp. 233-234

**Kagamitan:**

Larawan

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Balik-aral:***

Anu-ano ang uri ng tela?

**2. *Pagganyak:***

Pagpapakita ng larawan ng bilihan na tea.
Sa pamimili ng tela, ano ang dapat tandaan?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

Pagbasa sa teksto, pp. 233-234

**2. *Pagtalakay:***

Pag-iisa-isa sa mga salik sa pagpili ng tela.
Pag-usapan ang mga panuntunang pangkalusugan at pangka!igtasan sa pamimili.

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***

Ipaliwanag ang mga salik sa pagpili ng tela para sa isang proyekto.

**2. *Paglalapat:***

Bakit mahalaga ang matalinong pamimili?
Bakit kailangang sumunod sa rmga panuntunang pangkaligtasan at pangkalusugan?

**IV. Pagtataya:**

Tama o Mali

_______ 1. Ang damit pamasok ay uniprorne
_______ 2 Ang damit pantrabaho ay dapat matibay
_______ 3. Ang damit pang-okasyon ay dapat magara.

_______ 4. Ang damit pambahay ay maluluwang.
_______ 5. Ang damit paniaro ay maluwag upang maginhawa sa pagkilos.

**V. Takdang-Aralin:**

Itala ang mga salik sa matalinong pamimili.

# EPP VI

**Date: ____________**

**I. Layunin:**

- ❖ Nakagagawa ng mga padron ayon sa tumpak na sukat
- ❖ Naisasagawa ang mga pamamaraan na dapat gawin

**Pagpapahalaga:** Pagsunod ng wasto sa panuto

**II. Paksang Aralin:**

Pagkuha ng Sukat ng Katawan

**Sanggunian:**

BEC-R A,11.3.4, 11.3.5 p. 70
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan Batayang Aklat Do. 225-222

**Kagamitan:**

Medida, tsart, manikin (kung mayroon), mga karanasan, mga larawan

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Balik-aral:***

Anu-ano ang mga salik sa matalinong pamimili?

**2. *Pagganyak:***

Anu-ano ang mga kagamitan sa pagsusukat at saan ginagamit ang mga ito? Ano ang padron?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

Pagpapakita ng larawan at tsart tungkol sa paksa.

**2. *Pagtalakay:***

a. Tumawag ng dalawang bata sa harapan ng klase, ang isa ay malaki at ang isa naman ay maliit.
b. Ipaghambing ang sukat ng kani-kanilang katawan.
c. Pagtalakay sa mga bahagi ng katawan na susukatin.

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***

Pagsipi ng kailangang sukat ng katawan.
Pagkuha ng sukat ng isang kamag-aral.

**2. *Paglalapat:***

Bakit mahalaga ang pagkuha ng wastong sukat ng katawan?
Bakit kailangang sumunod sa mga panuntunang pangkaligtasan at pangkaiusugan?

**IV. Pagtataya:**

Tseklis sa Wastong Pagkuha ng Sukat ng Katawan

| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Inihahanda ba ang lahat ng kagamitan bago magsimula? | | | | | |
| 2. Nasukat ba ang lahat ng bahagi ng Katawan sa susukatan? | | | | | |
| 3. Naitala ba ng wasto ang nakuhang sukat? | | | | | |
| 4. Natapos bas a takdang panahon? | | | | | |
| 5. Naging maingat ba sa pagsukat | | | | | |

**V. Takdang-Aralin:**

Mgsanay sa pagkuha ng sukat ng katawan. Ipagawang modelo ang nakababatang kapatid. Iulat sa klase ang nagawang pagsukat.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

- ❖ Naisasagawa ang pagbuo ng kagamitan o kasuotang tahi sa makina
- ❖ Napahahalagahan ang natapos na tahiin ayon sa pamantayan

**Pagpapahalaga:** Pagsunod ng wasto sa panuto

**II. Paksang Aralin:**

Pagbuo ng Kagamitan o Kasuotang Tahi sa Makina

**Sanggunian:**

BEC-R A.11.4, 11.5 D. 70
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan Batayang Aklat pp. 240-249

**Kagamitan:**

Mga retasong tela, panahian, makinang panahian

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

1. ***Balik-aral:***
   Ano ang padron?

2. ***Pagganyak:***
   Anu-ano ang kailangang sukat ng katawan?

**B. Panlinang na Gawain:**

1. ***Paglalahad:***
   Pagpapakita ng proyektong gagawin at hayaang masuri ng mga bata ito.

2. ***Pagtalakay:***
   a. Pabigyang-pansin ang mga ginawang tahi sa makina.
   b. Ipalarawan sa kanila ang mga ito.
   c. Pagtalakay sa mga uri ng dugtungan at kailan ginagamit to sa pagbuo ng kagamitan o kasuotang tahi sa makina.
      Bigyang pansin ang kanilang mga katawagan at kahulugan.
      - plain seam — payak na dugtungan
      - flat filled seam — dugtong na dapa
      - french seam — dugtong balensyana

**C. Pangwakas na Gawain:**

1. ***Paglalahat:***
   Anu-ano ang mga pamantayan sa paggawa na dapat sundin bago simulan ang gawain? Pagkuha ng sukat ng isang kamag-aral.

2. ***Paglalapat:***
   Pagsunod sa mga hakbang na mabuti.
   Gabayan at iwasto kaagad ang makikitang pagkakamali.

## IV. Pagtataya:

Lagyan ng tsek (✔) ang mga sumusunod na pamantayan.

| | Oo | Bahagya | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Kumpleto ba ang kagamitang kailangan bago magsimulang gumawa? | | | |
| 2. Nasunod ba nang maayos at wasto ang bawat hakbang sa Gawain? | | | |
| 3. Sinunod ba ang mga panuntunang pangkaligtasan habang gumagawa? | | | |
| 4. Napakamalas ba ang magagandang kaugalian sa paggawa? | | | |
| 5. Natapos ba sa takdang panahon ang gawain? | | | |

## V. Takdang-Aralin:

Bakit kailangang pangalagaan ang mga kasangkapan at mga materyales na ginagamit sa paggawa ng proyekto?

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

❖ Nakapagpaplano ng Gawain

**Pagpapahalaga:** Kaayusan sa gawain

**II. Paksang Aralin:**

Pagpaplano ng Gawain

**Sanggunian:**

BEC 12.1 P. 70
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan pp. 142-147

**Kagamitan:**

Tsart na pinagsusulatan ng mga hakbang sa pagsasagawa ng isang proyekto

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Balik-aral:***

Bakit kailangang pangalagaan ang mga kasangkapan at raga materyales na ginamit sa paggawa ng proyekto?

**2. *Pagganyak:***

Magpakita ng mga proyektong yan o "finished product".
(Halimbawa: cross stitch, burda, gantsilyo)
Sa iyong palagay, kaya mo bang gawin ang mga proyektong ito? Bakit?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

Ang pagbabalak ay gawaing dapat ugaliin ng sino mang tao bago magsimula ng anumang proyekto upang maiwasan ang gastos at pagod sa pauli-ulit na paggawa.

**2. *Pagtalakay:***

Talakayin ang iba't ibang bahagi ng plano ng proyekto.

I. Pangalan ng Proyekto
II. Layunin sa Paggawa
III. Kuwenta ng Materyales
IV. Mga Kasangkapang Gagamitin
VI. Guhit o Krokis rg Proyekto
VII. Pamamaraan ng Paggawa Pagpapahalaga
VIII. Pagpapahalaga

- Ano ang piano ng proyekto?
- Anu-ano ang kahalagahan ng pagpaplano ng gawain?
- Paano ang wastong paraan ng pagpaplano?

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***

Anu-ano ang balangkas sa paggawa ng plano ng isang proyekto?

2. ***Paglalapat:***

Paano maiiwasan ang mga gastos at pagod sa paggawa ng proyekto?

**IV. Pagtataya:**

Pumili ng Tsang proyektong gagawin at gawaan to ng piano

I. Pangalan ng Proyekto
II, Layunin
III. Guhit o Krokis
IV. Materyales
V. Paraan ng Paggawa
VI. Paapapahalaga
V. Takdang Aralin

**V. Takdang-Aralin:**

Gumawa ng plano ng proyekto sa napiling proyektong gagawin.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

❖ Nakapipili ng disenyo at materyales na kailangan

**Pagpapahalaga:** Malikhain, Mapanuri

**II. Paksang Aralin:**

Pagpili ng Disenyo at Materyales na Kailangan (Pagbuburda)

**Sanggunian:**

BEC 12.2 p. 70
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan p. 247

**Kagamitan:**

Mga proyektong yari na (binurda), kagamitan tulad ng karayom, sinulid, gunting, sewing box, tela

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

1. ***Balik-aral:***

   Bakit mahalaga ang pagpapalano sa proyekto o gawain?

2. ***Pagganyak:***

   Magpakit ng iba't bang disenyo sa pagbuburda. Anong disenyo ang napili mo? Bakit?

**B. Panlinang na Gawain:**

1. ***Paglalahad:***

   Sa pagbuburda, ang disenyong gagamitin ay ibinabagay o iniaangkop sa laki at hugis ng buburdahan o inagialagyan nito.

2. ***Pagtalakay:***

   - Paano inililipat ang disenyo sa tela?
   - Anu-ano ang pagkukumbinasyon ng kulay?
   - Anu-anong materyales ang kailangan sa pagbuburda?
   - Anong disenyo ang dapat piliin kung ikaw ay magsisimula pa lang?

**C. Pangwakas na Gawain:**

1. ***Paglalahat:***

   Anu-ano ang dapat tandaan sa pagpili ng disenyo at materyales sa paggawa ng proyekto?

2. ***Paglalapat:***

   Kung ikaw ay pipili ng disenyo sa pagbuburda, anong uri ito? Bakit?

**IV. Pagtataya:**

Pumili ng disenyong nais gawing proyekto. Gumamit ng angkop na paraan sa paglilipat ng disenyo. (Halimbawa: pagbabakat, pagtatatak at pagpaplantsa)

V. **Takdang-Aralin:**

Gumuhit ng isang simpleng disenyo para sa inyong projekto.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

❖ Naisasagawa ang mga hakbang sa pagbuo ng proyekto

**Pagpapahalaga:** Pagiging maingat, malinis at maayos

**II. Paksang Aralin:**

Pagsasagawa ng mga Hakbang sa Pagbuo ng Proyekto (Binurdang Punda ng Unan)

**Sanggunian:**

BEC 12.3 p. 70
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan pp. 255-259

**Kagamitan:**

Tsart na pinagsusulatan ng mga hakbang sa pagbuburda

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

1. ***Balik-aral:***

   Anu-ano ang dapat isaalang-alar~g sa pagpiW ng disenyo at materyales sa pagbuburda?

2. ***Pagganyak:***

   Paano kaya natatapos ang isang proyekto?

**B. Panlinang na Gawain:**

1. ***Paglalahad:***

   Mahalagang sundin ang mga hakbang sa paggawa upang mahasa ang kakayahan sa pagsunod sa panuto at imahinasyon tungo sa pagtuklas at pagbuo ng iba pang proyekto

2. ***Pagtalakay:***

   Ipaskel sa pisara ang tsart na pinagsusulatan ng mga hakbang sa paggawa o pagbuo ng proyekto (Pagbuburda).

   - Paano inihahanda ang telang gagamitin sa pagbuburda?
   - Ano ang unang paraan ng pananahi ng punda? Ikalawa?
   - Paano ililipat ang disenyo sa punda ng unan?
   - Ano ang dapat gawin pagkatapos tahiin ang punda ng unan?

**C. Pangwakas na Gawain:**

1. ***Paglalahat:***

   Anu-ano ang sunud-sunod na hakbang sa pagbuburda ng punda ng unan?

2. ***Paglalapat:***

   Ano ang maaaring mangyari kung hindi susundin ang mga hakbang sa pagbuo ng proyekto?

**IV. Pagtataya:**

Pagsasagawa ng mga bata sa pagbuo ng proyekto.

**V. Takdang-Aralin:**

Pagpapatuloy ng gawain sa pagbuo ng proyekto.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

❖ Napapahahalagahan ang natapos na proyekto

**Pagpapahalaga:** Pagiging masinop

**II. Paksang Aralin:**

Pagpapahalaga sa Natapos na Proyekto

**Sanggunian:**

SEC 12.4 p. 70
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan p. 257

**Kagamitan:**

Tsart, proyektong yari

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Balik-aral:***

Bakit kailangang sundin ang mga parnarnaraan sa pagbuo ng proyekto?

**2. *Pagganyak:***

Ipasalaysay sa klase ang naging karanasan sa paggawa ng kani-kanilang proyekto.

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

Ano ang dapat gawin sa mga natapos na proyekto? Saan to dapat ilagay?

**2. *Pagtalakay:***

Paano pinapahalagahan ang natapos na proyekto?
Paggamit ng "Acoreboard" sa pagpapahalaga ng natapos na proyekto. Talakayin ito.

| | **Kabuuang Puntos** | **Sariling Puntos** |
|---|---|---|
| I. Gawi sa Paggawa | 25 | |
| II. Pagkakagawa | 60 | |
| III. Kabuuang Anyo | 15 | |
| **Kabuuan** | 100 | |

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***

Bakit kailangang pahalagahan ang ating natapos na proyekto?

**2. *Paglalapat:***

Lagyan ng tsek (✔) ang bilang na nagpapakita na mayroon kang pagpapahalaga sa natapos na proyekto.

_______ 1. Binabalutan ang proyekto ng plasbk upang hindi kaagad madumihan.
_______ 2. Inilalagay sa tamang lalagyan ang aking proyekto.
_______ 3. Hindi na inayos ang bahagi ng proyekto na nangangailangan pa ng pagpapaganda.

## IV. Pagtataya:

Paggamit ng "Score Card" para sa Binurdahang Punda ng Unan.

| | **Kabuuang Puntos** | **Sariling Puntos** |
|---|---|---|
| I. Gawi sa Paggawa<br>II. Pagkakagawa<br>III. Kabuuang Anyo | 25<br>60<br>15 | |
| **Kabuuan** | 100 | |

## V. Takdang-Aralin:

Ilagay sa isang mahusay na lalagyan ang natapos na proyekto.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

- ❖ Nakapagtutuos ng gastos at kikitain kapag naipagbili ang proyekto

**Pagpapahalaga:** Maparaan, Kasipagan

**II. Paksang Aralin:**

Pagtutuos ng Ginasta/Kikitain Kapag Naipagbili ang Proyekto

**Sanggunian:**

BEC 12.5 p. 70
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan p. 258

**Kagamitan:**

Tsart, plano ng proyekto

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Balik-aral:***

Anu-ano ang katangian ng mga taong nagpapahalaga sa mga natapos na proyekto?

**2. *Pagganyak:***

Ipakita ang halimbawa ng plano ng natapos na proyekto.
Saang bahagi matatagpuan ang talaan ng materyales na ginamit?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

Bago gawin ang anumang proyekto, kailangang gumawa muna ng plano. Sa pamamagitan nito ay malalaman natin ang halaga ng gagawing proyekto.

**2. *Pagtalakay:***

Bakit dapat nating alamin ang halaga ng gagawing proyekto?

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***

Dapat nating isaalang-alang ang ginasta at kikitain sa natapos na proyekto upang makatulong sa pangangailangan ng mag-anak. Ano ang gagawin ninyo sa proyektong natapos?

**2. *Paglalapat:***

Upang kumita sa ginawang proyekto, ano ang dapat gawin dito?

**IV. Pagtataya:**

Kung tayo ay tatahi ng 3 punda ng unan at ipagbibili mo ito ng tig — P 25.00 ang bawat isa, paano mo tutuusin ang iyong ginasta? Punan ang balangkas.

| Bilang | Yunit | Sukat at Katangian ng Materyales | Halaga ng Bawat Piso | Bahagdang Idaragdag | Halaga ng Pagbebenta |
|---|---|---|---|---|---|
| 1 | Yarda | Katsa | P 22.00 | | |
| 3 | Pcs. | Sinulid pamburda | 15.00 | | |
| 1 | pc. | Sinulid panahi | 3.50 | | |
| 1 | pc. | Karayom | 1.00 | | |
| | | Bayad sa serbisyo | 15.00 | | |
| | | Kabuuang Halaga | | | |

**V. Takdang-Aralin:**

Sikaping makapagtatag ng hanapbuhay sa maliit na puhunan.

# EPP VI

**Date: ____________**

**I. Layunin:**

- ❖ Nakatutulong sa pagtatatag ng tindahang kooperatiba

**Pagpapahalaga:** Pagiging masipag at matulungin

**II. Paksang Aralin:**

Pagtulong sa Pagtatatag ng Tindahang Kooperatiba

**Sanggunian:**

BEC 13.1 p. 71
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan pp. 272-273

**Kagamitan:**

Larawan ng isang tindahan

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Balik-aral:***

Ilang bahagdang kita ang nararapat idagdag upang magkaroon tayo ng kita?

**2. *Pagganyak:***

Ano ang masasabi ninyo sa ating pamumuhay? Paano kaya malulunasan ang hirap ng buhay?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

Ang isang paraan na maaaring gawin ng mag-anak ay sumapi o dili kaya'y magtatag ng kooperatiba sa kanilang pamayanan.

**2. *Pagtalakay:***

Pagbasa ng mga bata sa akiat sa p. 272.

- Ano ang kooperatiba? Tindahang kooperatiba?
- Paano itinatatag ang tindahang kooperatiba?
- Ano ang layunin nito?

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***

Bakit mahalaga ang tindahang kooperatiba?

**2. *Paglalapat:***

Sina Pepito at Carla ay mag-aaral sa ika-6 na baitang. Dahil sa kahirapan ng buhay, madalas pumasok ang magkapatid nang walang baon. Kung minsan ay hindi na sila pumapasok sa klase. Sa iyong palagay, anong paraan ang mabuting gawin ng mga magulang nina Pepito at Carla?

**IV. Pagtataya:**

Paano kayo makatutulong sa pagtatatag ng tindahang kooperatiba.

**V. Takdang-Aralin:**

Magsaliksik kung ano ang maaaring gawing kooperatiba ng inyong mag-anak.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

- Natatalakay ang mga tungkulin, karapatan at pananagutan ng bawat kasapi ng tindahang kooperatiba

**Pagpapahalaga:** Pagtupad sa tungkulin

**II. Paksang Aralin:**

Mga Tungkulin, Pananagutan at Karapatan ng Bawat Kasapi ng Kooperatiba

**Sanggunian:**

BEC 13.1.2 p. 71
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan pp. 278-280

**Kagamitan:**

Tsart, larawan ng tindahang kooperatiba

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Balik-aral:***

Paano tayo makatutulong sa pagtatatag ng tindahang kooperatiba?

**2. *Pagganyak:***

Sino sa inyo ang kasapi ng isang organisasyon o isang samahan? Anu-ano ang inyong mga tungkulin bilang kasapi?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

Dapat bang malaman ng bawat kasapi ng isang kooperatiba ang kanyang mga tungkulin at karapatan? Bakit?

**2. *Pagtalakay:***

Pagre-report ng mga piling mag-aaral tungkol sa mga tungkulin at karapatan ng bawat kasapi.

I. Tungkulin ng mga Kasapi
II. Karapatan ng mga Kasapi
III. Tungkulin ng Lupon ng mga Direktor

- Anu-ano ang tungkulin at karapatan ng bawat kasapi? Direktor? Tagapamahala?
- Anu-ano ang lupon ng kooperatiba
- Anu-ano ang katangian ng mabuting tagapamahala? Direktor?

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***

Bakit mahalagang malaman ng bawat kasapi at tagapamahala ang kanyang mga tungkulin at karapatan?

**2. *Paglalapat:***

Si G. Reyes ay napiling maging tagapamahala ng bagong itatatag na kooperatiba sa paaralan. Anu-anong katangian mayroon kaya siya?

## IV. Pagtataya:

Isulat ang T kung to ay Tungkulin ng mga kasapi at K kung to naman ay karapatan.

_______ 1. Pangangalaga sa mga panindang kailangan ng mamimili.
_______ 2. Pagdalo sa mga pagpupulong ng kooperatiba upang malaman ang katayuan ng samahan.
_______ 3. Makatanggap ng dibidendo.
_______ 4. Maging tapat sa pamimili.
_______ 5. Magtinda, mamili at mag-imbentaryo ng paninda.

## V. Takdang-Aralin:

Magbigay ng iba pang tungkulin at karapatan ng mga kasapi ng kooperatiba.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

- ❖ Naipaghahambing ang tingiang tindahan at tindahang kooperatiba

**Pagpapahalaga:** Pagiging mapanuri

**II. Paksang Aralin:**

Pagkakaiba ng Tingiang Tindahan at Tindahang Kooperatiba

**Sanggunian:**

BEC 13.1.3 p. 71
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan

**Kagamitan:**

Larawan ng tindahan

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Balik-aral:***

Anu-ano ang tungkulin ng bawat kasapi? Tagapamahala? Ano ang kanilang mga karapatan?

**2. *Pagganyak:***

Sa nga tingiang tindahan, bakit may nalulugi at may umuunlad sa paatitinda?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

Pagkukuwento ng isang sitwasyon tungkol sa dahilan ng pagkalugi o pag-unlad sa pagtitinda.

**2. *Pagtalakay:***

Hatiin ang klase sa 2 grupo. Bigyan sila ng manila paper upang paghambingin ang tingiang tindahan at indahano kooperatiba.

Group A - Tingiang Tindahan
Group B - Tindahang Kooperatiba

- Aling tindahan ang may iba't ibang lupon?
- Aling tindahan ang nangangailangan ng mas malaking puhunan?
- Paano pinalalakad o pinangangasiwaan ang tindahang tingian? Tindahang kooperatiba?

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***

Anu-ano ang pagkakaiba ng tindahang tingian at tindahang kooperatiba?

**2. *Paglalapat:***

Kung ikaw at magtatatag ng isang tindahan, anong uri ng tindahan ang nais mo? Tindahang Tingian ba o Tindahang Kooperatiba? Bakit?

**IV. Pagtataya:**

Isulat ang TT kung itoy naglalarawan ng tindahang tingian at TK naman kung tindahang kooperatiba.

______ 1. Ang tindahang ito ay binubuo ng iba't ibang lupon.

______ 2. Maliit na paraan o unti-unting pamimili ng paninda ang pamamaraan ng tindahang ito.

______ 3. Ang bawat kasapi ng tindahang ito ay may karapatang tumanggap ng dibidendo.

**V. Takdang-Aralin:**

Magbasa pa ng mga dapat malaman tungkol sa pagkakaiba ng tingiang tindahan at tindahang kooperatiba.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

- ❖ Natatalakay ang mga salik sa matalinong pamimili

**Pagpapahalaga:** Kaayusan

**II. Paksang Aralin:**

Mga Salik sa Matalinong Pamimili

**Sanggunian:**

BEC 13.2.1 p. 71
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan pp. 281-283

**Kagamitan:**

Mga paninda (larawan at tunay)

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Balik-aral:***

Paano nagkakaiba ang tindahang tingian at tindahang kooperatiba?

**2. *Pagganyak:***

Magpakita ng mga larawan ng mga tindahan at mga paninda.

Sa inyong pamimili, nasisiyahan ba kayo sa serbisyong ibinibigay at sa mga panindana nabili? Bakit?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

Kung tayo ay mamimili n mga paninda para sa tindahan, kailangang isaalang-alang natin ang mga pangangailangan ng mamimili.

**2. *Pagtalakay:***

Pagbuo ng pamantayan para sa panonood ng role play.

Pagro-role play ng piling mag-aaral tungkol sa mga salik sa matalinong pamimili ng mga paninda. Ang matalinong pamimili ng mga tindahang kooperatiba ay ibinabatay sa mga sumusunod:

- Pangangailangan ng mga kasapi
- Pamumuhay ng mag-anak sa pamayanan at ang dami nito
- Uri ng tindahang kooperatibang itinatag
- May maayos at kaakit-akit na lugar ng mga paninda.
- May magandang katangian at kalusugan ang mga tindera.

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***

Paano isasagawa ang matalinong pamimili ng mga paninda sa mga tindahang kooperatiba?

2. ***Paglalapat:***

Kung ikaw ay mag-aayos ng iyong mga paninda, ano ang mga dapat mong gawin?

## IV. Pagtataya:

Isulat ang Tama o Mai:

_______ 1. Malaki ang nagagawa ng tindera sa paghihikayat ng mga mamimili.

_______ 2. Bumili no mga paninda sa mga mamahalaing "department store".

_______ 3. Ang mga panindang bibilhin ay batay sa pangangailangan ng mga tao sa pamayanan

## V. Takdang-Aralin:

Magsanay sa paglalagay ng halaga ng mga paninda.

Pormula ng Pagpepresyo: Puhunan x 15% bahagdang idadagdag

# EPP VI

**Date: ____________**

**I. Layunin:**

❖ Naisasagawa ang pag-iimbentaryo ng mga paninda

**Pagpapahalaga:** Pangangalaga sa kabuhayan ng pamilya

**II. Paksang Aralin:**

Pag-iimbentaryo ng mga Paninda

**Sanggunian:**

BEC 13.2.2 p. 71
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan pp. 284-285

**Kagamitan:**

tsart

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Balik-aral:***

Ibigay ang tamang presyo ng mga paninda. Kuwentahin ito sa tubo ng labingdalawang porsiyento (15%).

| | Puhunan | Presyo |
|---|---|---|
| 1 sardinas | P 8.00 | |
| 1 maggi (noodles) | 4.00 | |
| 1 itlog | 2.75 | |

**2. *Pagganyak:***

Bakit kailangan ang pag-iimbentaryo ng mga paninda?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

Kailan ang wastong panahon ng pag-iimbentaryo?

**2. *Pagtalakay:***

Pagmamasid ng isang halimbawa ng pormularyo na maaaring gamitin kapag nag-iimbentaryo.

Pangalan ng Tindahan: Petsa:

Papel ng Imbentaryo Bilang:

| Bilang | Unit | Pangalan ng Paninda | Halaga ng Paninda | Kabuuang Halaga |
|---|---|---|---|---|

Sinuri ni:

- Anu-anong impormasyon ang makukuha sa pag-iimbentaryo?
- Paano tinutuos ang kabuuang halaga ng mga paninda?
- Ilang porsiyento ang kailangang idagdag sa mga paninda?

### C. Pangwakas na Gawain:

1. ***Paglalahat:***

   Dapat isagawa ang wastong pagtutuos ng mga naipagbili, puhunan o tubo upang umunlad ang pamamahala sa tindahan.

2. ***Paglalapat:***

   Ano ang kahalagahan ng wastong pagtutuos ng mga paninda?

## IV. Pagtataya:

| Bilang | Yunit Paninda | Pangalan ng Paninda | Halaga ng | Kabuuang |
|---|---|---|---|---|
| 20 | | kilo | bigas | 19.00 |
| 30 | | piraso | itiog | 2.50 |
| 15 | | lata | sardinas | 10.50 |
| 10 | | bareta | sabon | 20.00 |
| 5. | | repack | gatas | 23.00 |

## V. Takdang-Aralin:

Magatala ng 5 uri ng paninda sa isang tindahan at kuwentahin Ito ayon sa pormularyo.

# EPP VI

**Date:** ____________

**I. Layunin:**

❖ Nakapamimili ng mga paninda sa tamang paraan at tamang pook

**Pagpapahalaga:** Wastong pamimili at pagtitipid

**II. Paksang Aralin:**

Pamimili ng mga Paninda sa Tamang Paraan at Tamang Pook

**Sanggunian:**

BEC 13.2.3 p. 71
Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabunayan

**Kagamitan:**

Larawan ng mga tindahan, paninda

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Balik-aral:***

Bakit mahalagang magkaroon ng pag-iimbentaryo ang mga tindahan?

**2. *Pagganyak:***

Nakapunta na ba kayo sa Divisoria?
Ano ang masasabi ninyo sa lugar na ito?

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

Ang tagumpay ng isang tindahang kooperatiba ay nakasalalay sa maraming bagay. Mahalaga ang tamang paraan at tamang pook kung saan ipamimili ng mga paninda.

**2. *Pagtalakay:***

Pakikinig at pagmamasid ng mga bata sa isang dayalogo tungkol sa tamang paraan at tamang pook ng pamimili ng mga paninda.

- Tungkol saan ang dayalogo?
- Anu-anong paraan ang mabuting gamitin sa pamimili ng mga paninda?
- Saang lugar o pook mabuting mamili ng mga paninda? Bakit?
- Bakit mahalagang mamili sa mga tamang pook o lugar?

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***

Paano ang tamang paraan ng pamimili ng mga paninda? Saang pook dapat mamili?

**2. *Paglalapat:***

Nagpasama sa iyo ang kaibigan mo na mamili ng kanyang mga paninda. Paano mo siya matutuiungan?

**IV. Pagtataya:**

Pagsasadula ng mga bata tungkol sa waswng paraan at tamang pook ng pamimili ng rnga paninda.

## V. Takdang-Aralin:

Maghanda para sa pangyunit na pagsubok.

# EPP VI

**Date: ____________**

**I. Layunin:**

❖ Naipakikita ang pagiging malikhain sa pagtatanghal/pagdidisplay at pag-aayos ng mga paninda

**Pagpapahalaga:** Pagiging Malikhain

**II. Paksang Aralin:**

Pagkamalikhain sa Pagtatanghal/Pagdidisplay at Pagsasaayos ng mga paninda

**Sanggunian:**

BEC 13.3.1 p. 71
Agap at Sikap 6, pp. 227-228

**Kagamitan:**

Mga larawan ng tindahan, mga tunay na bagay o larawan

**III. Pamamaraan:**

**A. Panimulang Gawain:**

**1. *Balik-aral:***

Anu-ano ang mga panindang karaniwang nabibili sa tindahan?

**2. *Pagganyak:***

Sinu-sino sa inyo ang may mga tindahan? Paano kayo nakatutulong? Anu-ano ang inyong ginagawa? .

**B. Panlinang na Gawain:**

**1. *Paglalahad:***

- Pagpapakita ng larawan ng mga tindahan.
- Ano ang mga bagay na mapapansin ninyo sa larawan?
- Paano itinatanghal ang mga paninda?

**2. *Pagtalakay:***

❖ Pagsasaayos ng mga dalang produkto sa paraang magmumukhang munting tindahan ang isang lugar na nakalaan sa bawat grupo.
❖ Paano ninyo maipakikita ang pagiging malikhain sa pagtatanghal at pag-aayos ng mga paninda?

**C. Pangwakas na Gawain:**

**1. *Paglalahat:***

Paano tayo mamimili ng mga paninda para sa tindahang kooperaiiba?

**2. *Paglalapat:***

Kung ikaw ang mamamahala no mga paninda para sa tindahang kooperatiba, saan mo bibilhin ang iyong mga paninda?

**IV. Pagtataya:**

Lagyan ng tsek (✔) ang hanay na nararapat kung paano nila isinasagawa ang pamimili ng paninda.

| | | Oo | Bahagya | Hindi |
|---|---|---|---|---|
| _____ | 1. Nasunod ko ba ang pagbili ng pinakamataas. na uri ng produkto? | | | |
| _____ | 2. Nasunod ba ang pagbili ng sapat na dami ng iba't bang produkto? | | | |
| _____ | 3. Nasunod koba ang pagbili ng maramihan? | | | |

## V. Takdang-Aralin:

Gumawa ng panayam sa inyong kapitbahay kung paano at saan siya namimili.